**Abstract**

Cesar was accustomed to being the go-to person for his brother Spanky and his wife Milicent whenever a crisis or problem arose at home. But one day, when his brother called to say that he and Milicent had gone to see Aling Trining, Cesar immediately sensed that something terrible had happened to his niece, Tanya. From that moment on, Cesar was determined to use every possible means to save his beloved niece.

**Keywords**

Metro Manila ghetto, wishing well, swindle

**English title**

The Well Water above Our Chests

# ANG TUBIG-BALON SA IBABAW NG ATING DIBDIB

RONALDO SOLEDAD VIVO JR.

WALANG KATULAD ANG sopas de-kormbip ni Belen. Hindi tinipid sa gatas. Swak ang paglalaban ng alat at linamnam. Kaya kahit alas-sais ng umaga ang alis ko, bago mag-five thirty, nakapila na ako. Ang almusalan ni Belen ang klase ng almusalan na bago mag-alas-siyete, ubos na ang paninda. Samantalang ang iba, nag-aabot na sa mananghalian ang spaketchap at pinakbet.

Tamang sipsip sa binutas na plastik ang mga kasabay kong mag-almusal. Hindi puwede sa ’kin ’yon. Naglalaan ako ng oras para mag-dine-in. Iba pa rin ang sopas na hinihigop, kinukutsara. May kung anong sarap sa ngalangalang napapaso at nagbabalat pagkatapos humigop ng mainit na sabaw. Hindi ito paresan para mag-request ng balik-sabaw, pero sa sobrang



Likhaan 18.indb 80 11/22/2024 4:30:06 PM

panalo, aba'y walang lugar ang hiya. Kaya naman kahit pa makapal ang tao, isisingit ko ang mangkok ko para masabawan uli. Hindi maramot si Belen, sinasabawan naman. Pero nililimitahan ko sa isang balik. Ang kapal ng mukha sa mga loobang ganito, siyempre dapat may hangganan din.

Sinisimot ko ang mga natirang macaroni nang may biglang tumapik sa likod ko. Si Ato, asawa ni Belen.

"Sar, Among Romy mo, kumamada na naman," nakangiti nitong bati.

"Brad, walang tatalo do'n. Mas tuso pa sa sugarol na walang pantaya 'yon!" balik ko, sabay buhos sa bunganga ng ilang pirasong macaroni.

"Ha-ha. Diyos na bahala sa kanya."

"'Ku po! Siya ang Diyos, 'wag kang mag-alala. Pasok ka na?"

"Oo. Wala si Boss Rey, e. Maglalahat muna 'ko sa hardware."

"Ingat, 'oy! Sibat na din ako, dami pang kakain. Pasok na din."

"Kumusta mo 'ko kay Spanky, Sar."

"Tingnan ko kung buhay pa."

"Loko! He-he. Sige, 'oy."

"Teka, 'To, may isoy ka?"

Dagli siyang dumukot sa kanyang belt bag, yuping karton ng Marlboro pula. Medyo napataas ang dalawa kong kilay. *Marlboro pula*.

"O, kuha kang tatlo," abot ni Ato.

"Mukhang maganda kitaan mo kay Rey, a. 'Boro pula, e."

"Galante sa yosi 'yon. He-he!"

Kumuha ako ng tatlo, isiningit ko sa tenga ang isa, isinubo ang isa, at inilagay sa bulsahan ng backpack ang isa pa. Ikinubli ko ang gusot na kaha ng Mighty. Sinindihan ni Ato ang subo-subo ko.

"Salamat, 'To!"

Gumanti siya ng ngiti at tango, saka sumibat.

Rekta ako sa site, bagong ginagawang condo sa BGC. Dadaan lang ako para mag-time in at magpakita kay Porman Domar. Habang daan, tamang ngatog ang telepono ko sa bulsa ng six-pocket. May text si Spanky.

1 message: Utol Pangki

Open message >

<u>Utol Pangki</u>

*Kuya tolong ... txtbak ...*



Likhaan 18.indb 81 11/22/2024 4:30:07 PM

Heto na naman. Sanay ako sa ganito. Pero kahit gaano ka kasanay, kapag ganito ang style ng nag-text, wala rin. Mag-aalala ka pa rin. Madalas mas maigi pang hindi ka nakokontak, e. O di kaya di ka na lang kadugo. Pero ano'ng magagawa, nag-iisang kapatid, na lahat na lang 'ata ng hassle sa listahan ng mga hassle, nakompleto na.

Kinuha ko ang namawis nang yosi sa tenga ko, isinubo at sinindihan. *Putang ina, Pangki, ano na naman?*

<<<>>>

Kanina pa sa banyo si Spanky. Sanay na si Milicent sa gano'n. Alam niyang aabutin nang ilang oras sa trono ang asawa kalilinis nito ng nagkalat na sariwang dugo dulot ng napunit nang almoranas. Dagdag pa ang pahirapang pagbalik ng tumbong paloob ng puwit na kinakailangan nang kamayin dahil hindi na kakayanin ng iring pahugot.

Tumungo si Milicent malapit sa lababo na katabi ng banyong napipintuan ng pinagtagpi-tagping kalawanging yero at bulok na plywood.

"Pangki, ayos ka lang?" kumusta ni Milicent.

"*Makikiabot ng mantika, Cent*," suyo nito.

"Sandali, karga ko si Tanya, kakatulog lang."

"*Di ko maibalik 'tong almoranas ko*," daing ni Spanky.

"Nagdudugo pa rin?" usisa ni Milicent.

"*Ang dami*."

Habang karga sa kaliwang braso ang anak, kinuha ni Milicent sa ilalim ng limahid na lababo ang kawaling pinaglutuan niya ng inalmusal na itlog kanina, isinalin ang gamit na mantika sa bakanteng bote ng peanut butter, kinatok si Spanky para iabot ang bote. Pagbukas ni Spanky ng retasong pinto, kumawala ang pinaghalong sangsang ng dugo at ebak. Napailag si Milicent, nangasim ang mukha, at bahagyang idinistansiya ang kargang bata na para bang iniiwas sa sakuna. Pagkuha ni Spanky ng bote, hinintay ni Milicent na magsara ang pinto bago nagtakip ng ilong at dagling lumayo.

Ilang saglit pa, lumabas na si Spanky ng banyo, tagaktak ang pawis. May mantsa ng dugo sa salawal at laylayan ng puting T-shirt, inilapag ang hawak-hawak na cell phone sa lababo.

"Namumutla ka na, Pangki," pag-aalala ni Milicent.

"Pangatlong araw na 'to, e."



Likhaan 18.indb 82 11/22/2024 4:30:07 PM

"Punta na tayong ospital kasi."

"Ikaw naman, ano'ng ibabayad natin?"

"Saka na natin isipin 'yon," giit ni Milicent.

"Makikisuyo ako ng malunggay diyan kina Tenga. Sabi ni Aling Naty, pakuluan daw, inumin umaga-tanghali-gabi. 'Yon daw ginagamot sa pamangkin niyang anemic."

"Hihingi na 'ko kay Tenga para makainom ka na. Kargahin mo muna 'tong bata."

"Akin na."

"Naghugas kang maigi ng kamay?"

Inamoy-amoy ni Spanky ang kaliwa't kanang kamay, kumunot ang noo.

"Sandali." Madali itong bumalik ng banyo.

Tumungo si Milicent sa lababo kung saan naiwan ni Spanky ang kanyang cell phone.

<<<>>>

Pagkatapos mag-time in, dumederetso si Cesar sa kabilang site para mag-time in din. Sa petsa ng sahod, kukubra siya ng dalawang suweldo. Walang alam sa construction si Cesar. Nang ipasok siya ni Ato sa proyektong condo sa BGC, ang pakilala niya sa porman ay all-around. Dahil ang porman ay suki sa hardware na binabantayan ni Ato, madaling naipasok si Cesar. Pero pagdating sa site, humirit ito sa porman na maging tagasaing at tagaluto ng kanilang pagkain, runner din ng kung ano-anong dapat bilhin. Hanggang sa matunugan ng porman na wala siyang alam sa pagko-construction.

"Cesar, hindi ka susuwelduhan nang wala kang alam gawin. Pinasok kita dahil may usapan kami ni Ato, pero ibang klase ang kaso mo, ha. Wala kang alam sa labor," anas ng porman.

Walang alam si Cesar sa pagko-construction pero batak siya sa mga pamamaraan para mabuhay.

"Porman, pasensiya na, kailangan ko lang ng trabaho."

"Bida mo pa, all-around ka," iiling-iling na sabi ng porman.

"Porman, ganito na lang. Hindi na ako papasok pero hati na lang tayo sa suweldo," pirming mungkahi ni Cesar. Kitang-kita ang pagkamangha sa mukha ng porman, mangha na katumbas ng bilib sa katigasan ng mukha ng kausap.



Likhaan 18.indb 83 11/22/2024 4:30:07 PM

"Kung kasama 'ko diyan sa payroll, kasama ako sa badyet. Dagdag take-home din 'yan, porman." Nagsindi ng sigarilyo ang porman. "60-40," bulalas ni Cesar.

"70 sa 'kin," tugon ng porman. Si Cesar naman ang namangha.

"Oo ba!" walang pag-aatubiling pagsang-ayon ni Cesar.

Araw-araw, papasok lang si Cesar para mag-time in at magpakita sa site. Dahil sanay ang mga kasamahan na siya ang runner, hindi naisip ng mga ito ang kanyang raket at naging normal na sa umaga lang siya nakikita. Gawa ng marami pang oras pagkatapos mag-time in, naisip ni Cesar na gawin ang ganoong galaw sa kabilang site. Sa pag-iikot niya sa BGC, sumubok siyang mag-apply nang mag-apply. Ganoon pa rin ang pakilala—all-around. Hindi madaling matanggap sa trabaho pero suwerteng nakatisod siya ng ginagawang convenience store papuntang Forbes, bago umabot ng Ayala, di-kalayuan sa site na pinapasukan. Parehong sistema, napapayag niya ang porman ng proyekto. Ending, dalawang trabaho ang nadagit niya na literal na sasahod lamang siya nang hindi nagtatrabaho.

Pagkatapos mag-time in sa dalawang site, deretso biyahe na siya pauwi. Umiistambay muna siya sa Dianson Park—pinakamatandang pampublikong pasyalan malapit sa Dreamland, sa inuuwian niyang looban. Sa entrada pa lamang ng Dianson Park, nagkalat na ang samot-saring paninda: mga laruan, damit, tsinelas, pandikit sa sapatos, mga segunda-manong safety shoes, tusok-tusok, cotton candy, at kung ano-ano pa. Noong nabubuhay pa ang kanyang mga magulang, doon sila madalas ipasyal ng nakababatang kapatid na si Spanky. Sikat na sikat ang *balon ng hiling* sa Dianson Park. Naniniwala ang mga tao na natutupad ang mga hiling sa balon na iyon. Pinakamasipag magbato ng barya ang mga barker; di nila alintana ang nababawas na piso-piso sa mga palima-lima't sampung pisong ibinubutaw ng mga tsuper sa kanila. Mula nang nakapangibang-bansa ang jeepney driver na si Mang Tomas at sumagana ang buhay sa California, lalong nabigyang-katwiran ang paniniwala ng mga taga-Dreamland na natutupad ang mga hiling sa balon. Katwiran noon ng tatay nina Cesar at Spanky, bihira naman magbato ng barya si Mang Tomas pero malakas magbigay sa mga barker, kaya siguro sa kababato ng barya ng mga barker na galing kay Mang Tomas, 'yong hiling ni Mang Tomas ang natupad. Iyon ang paniniwala ng mga tao kahit pa hindi naman lingid sa kaalaman ng mga tagalooban na matagal nang ipinetisyon si Mang Tomas ng mga anak niya sa California.



Likhaan 18.indb 84 11/22/2024 4:30:07 PM

Dala-dala ni Cesar ang paniniwalang iyon. Hindi siya nauubusan ng pananampalataya sa balon. Masigasig pa rin siyang nagbabato ng barya rito. Sa balon ng hiling niya ipinagpapasalamat ang dalawang trabahong napasukan. Naglalaan siya palagi ng barya para sa kapatid, sa mga hiling niya para dito. Pero sa pagkakataong ito, naghulog siya ng barya para hilingin na sana ay kayanin niya ang hihinging tulong ng kapatid. Tutulak na siya pauwi ng Dreamland nang mag-vibrate na naman ang cell phone niya, tumatawag na si Spanky.

Calling …

Utol Pangki

Answer | Decline

Answer

"Putang ina, Pangki! Ano na nama'ng problema?"

<<<>>>

Malaking bahagi ng araw nina Spanky at Milicent ay naubos kalalakad ng medical assistance sa munisipyo, nagbabaka-sakali na kahit papa'no'y mabigyan ng tulong pampagamot sa malalang almoranas ni Spanky. Tulad sa maraming munisipyo, ang mga proseso'y pinaaandar ng maraming papel at pagpunta sa ganitong opisina, paghanap kay ganito, ganyan. Nang halos nasa dulo na ng proseso, saka sila inabisuhan na hindi aandar ang kanilang application dahil walang medical papers si Spanky. Sa isip ng mag-asawa, ni pampa-checkup ay wala sila, paano sila makakukuha ng medical certificate o reseta?

"Sabi ko na sa 'yo, sa ganito lang babagsak 'to, e," yamot ni Spanky.

"E sina Mabel, nakakuha ng kuwatro mil. Pero 'ayun nga, kailangan ng med cert pala," bantulot na tugon ni Milicent.

"Balikan na natin 'yong bata kina Bong, nakakahiya na do'n. Sabi natin, saglit lang tayo."

Paglabas nila ng munisipyo, sinalubong na naman sila ng musmos na si Andeng, nag-aalok ng sampaguita. Sa tatas nito magsalita, sa tikas gumalaw, hindi mo aakalaing apat na taong gulang pa lamang, isang taon



Likhaan 18.indb 85 11/22/2024 4:30:07 PM

lamang ang tanda sa kanilang anak na si Tanya. Sa murang edad, isinabak na agad si Andeng ng mga magulang sa panlilimos, props lamang ang sampaguita.

"Tatay mo?" bati ni Spanky.

"Kina Mang Willy."

Napansin ni Spanky ang bago na namang pasa sa pisngi ni Andeng. Nagkatinginan na lang sila ni Milicent.

"Kasama si Nanay mo?" dagdag ni Milicent. Sumagot ng tango si Andeng. Dumukot ng barya si Spanky at iniabot sa bata.

"Salamat po."

"Dinagdagan ko 'yan, ha? Pag nagpunta kayo ng Dianson, mag-wish ka sa balon. I-wish mo, hindi na magpunta si Nanay at Tatay mo kay Mang Willy, ha?"

Muli, sumagot ng tango si Andeng.

"Pangki, halos puti na 'yang labi mo."

"Kanina pa rin parang nanlalabo paningin ko, baka sa init lang. Napakainit, o. Tirik na tirik ang araw."

Napansin ni Milicent na tila naghahabol ng hininga ang asawa. Malay rin siyang ayaw nitong ipahalata at nagpipilit lang kumilos nang normal.

"Pangki, pumunta na tayo ng ospital, 'tapos bahala na do'n," pagpupumilit ni Milicent.

"Umuwi na muna tayo. Kailangan ko lang magpahinga siguro. Saka 'yong bata, kunin na natin. Nakakahiya, napapadalas pagbibilin natin sa ibang tao ng anak natin."

"Ang tigas ng ulo mo, Pangki!"

Patlang. Walang-imik si Pangki. Lumakad siya patungo sa mga mesa't silyang bato sa tapat ng munisipyo. Sumunod si Milicent. Humimpil ang mag-asawa.

"Pangki, subukan natin kay Aling Trining?" mungkahi ni Milicent.

Natigilan si Spanky, nanginginig ang mga labi.

"Cent, seryoso ka ba?" Sumasapin ang tono ng usig at hindi pagtatanong sa boses ni Spanky. Hindi umimik si Milicent.

Tumayo si Milicent at nagtungo sa maliit na tindahan sa gilid ng munisipyo. Inihilig ni Spanky nang bahagya ang katawan sa mesang bato, dinukot ang cell phone, nag-dial. *Call*. Mabilis na bumalik si Milicent kay Spanky, dala-dala ang apat na pirasong Mighty pula. Isinubo niya ang isa at iniabot kay Spanky ang tatlo. Nagsubo na rin si Spanky, dinukot ang lighter sa likurang bulsa ng pantalon, nagsindi at sinindihan ang kay



Likhaan 18.indb 86 11/22/2024 4:30:07 PM

Milicent. Bigla'y sumagot ang tinatawagan ni Spanky.

Active Call | 00:00:07

"Hello. Boss Willy, Pangki 'to."

<<<>>>

Dumaan ako sa inuupahang kuwarto para magpalit ng damit bago dumeretso sa bahay ni Spanky na ilang bloke lang ang layo sa 'kin. Bago sumibat, nakita ko ang biniling laruan para kay Tanya no'ng isang araw pa. Hindi ko pa rin iyon naiaabot gawa ng halos tulog na lang ang iniuuwi ko. Alam kong anumang oras malalaglag ako sa payroll ng dalawang site na pinapasukan ko kaya ang mga natitirang oras pagkatapos mag-time in ay ginagamit ko para maghanap ng iba pang trabaho, pa-sideline-sideline na rin kina Mang Pamboy, tagabutas ng karton na kulungan ng manok panabong. Isinilid ko sa eco bag ng Puregold ang laruan at saka sumibat.

Pagdating ko kina Spanky, nasa labas si Milicent, sa pagitan ng mga nakahambalang na naglalabang nanay, parang balisa.

"Cent, si Spanky?" bungad ko.

"Kuya, tulungan mo kami."

"Ano ba'ng nangyari?"

Pumasok ng bahay si Milicent. Sumunod ako. Nakahiga si Spanky sa papag. Una kong napansin ang pamumutla nito, pawisan. Iginala ko ang tingin. Wala si Tanya.

"Ano'ng nangyari sa 'yo, Pangki? Nasa'n si Tanya?" Ibinato ko ang tingin kay Milicent. Nakayuko lamang ito.

"K-Kuya, nagpunta k-kami kay—kay a-ano, Aling Trining."

Ang bilis ng kalabog ng dibdib ko. May kung anong hindi magandang hangin na umihip sa batok ko. Saglit akong natigilan. Hindi ako makabuo ng salita.

"Putang ina mo, Spanky! Binenta n'yo si Tanya, putang ina n'yo, ha?!" Naibato ko ang dalang eco bag.

"Kuya, kailangan ni Spanky ng perang pang-ospital. Mauubusan siya ng dugo!" pakli ni Milicent, umiiyak na. Nakayuko lang si Spanky.

"Putang ina, e di dalhin sa ospital! Bakit n'yo ibebenta 'yong anak n'yo, mga hudas kayo?!"



Likhaan 18.indb 87 11/22/2024 4:30:07 PM

"Kuya, kailangan lang naming maisauli 'yong pera para ibalik sa 'min si Tanya," katwiran ni Spanky.

"A, hindi n'yo binenta, sinangla n'yo? Putang ina, magaling!"

Biglang may kung anong pumitik sa utak ko. Oo, namumutla si Spanky, kailangang madala sa ospital at mauubusan ng dugo, pero bakit narito pa rin ang dalawang ito kung nagkapera sila sa pagsangla sa bata? Putang ina, walang paglagyan ang galit sa dibdib ko, umaakyat hanggang sentido.

"Isauli n'yo 'yong pera. Hahanap tayo ng ibang paraan."

Walang-imik ang dalawa. Gusto kong ibalibag ang anumang mahahawakan ko.

"Kuya," anas ni Milicent.

"Panay kayo kuya. Bakit hindi n'yo ituloy 'yang mga kailangan n'yong sabihin, dinadaan n'yo sa pabungad-bungad ng kuya, ha?"

"Pasensiya na, Kuya."

"'Yong pera? Ibalik natin. Di n'yo pa nagagamit, di ba? Andito pa kayo, e. Inabutan ko kayo dito, e. Wala kayo sa ospital. Maka-kuya kayo sa 'kin, tunog emergency 'tapos nandito kayo."

Wala na namang sumagot sa dalawa. Ang pasensiya kong mahaba, hindi iiral ngayon. Hanggang sa napansin ko ang pagkasa ng panga ni Spanky. *Putang ina ng dalawang 'to.*

Dumako ako sa lababo. Napansin kong lalong nabalisa ang dalawa. Alam ko na 'to.

Binuksan ko ang kabinet sa ilalim ng lababo. Wala 'yong plais. Dumeretso ako sa banyo, iniangat ko ang nakabitin na palanggana. Laglagan ang mga foil at tooter. Ang mga putang inang 'to, isinangla ang anak para sa bato. Ang perang napagsanglaan, katwiran pa'y gagamitin sa ospital, pero heto, ginamit panggamit.

Bitbit ko ang palanggana paglabas ng banyo, at buong puwersa kong inihampas sa sahig. Talsikan ang mga nabasag na piraso.

"Mga demonyo!" buong baga kong sigaw.

Iyak nang iyak si Milicent; nakayuko lang si Spanky. Wala akong makukuha sa mga walang-hiyang ito. Anong matinong paliwanag ba ang mahihita ko sa mag-asawang adik na nagsangla ng anak para may ipambatak?

Dumukot ako ng sigarilyo, nagsindi. Matagal bago ko pinakawalan ang hinithit. Wala akong ibang magagawa kundi mag-isip ng paraan. Kailangan ng perang pantubos.



Likhaan 18.indb 88 11/22/2024 4:30:07 PM

"Magkano?" tipid kong tanong sa mag-asawa.

"Nuwebe mil, Kuya," sagot ni Spanky. Nailing ako.

"Ibabalik namin ng trese, Kuya. Bukas ng umaga," segunda ni Milicent. Lalo akong nailing.

"Kung hindi makabayad?" balik ko.

"Dadalhin daw po ang bata sa Pampanga, sa kapatid ni Aling Trining."

"Putang ina talaga."

Patlang. Si Spanky, pinipilit maging normal. Pero halata ang bayo ng item sa utak. Si Milicent, magaling magtago ng tama, normal pa rin ang kilos.

"Naubos n'yo sa shabu 'yong siyam na libo? Ano iniskor n'yo, malabuko?"

At wala na naman akong nakuhang sagot. Mabilis napunggok ang yosi. Huling stick. Sinagad ko hanggang filter.

<<<>>>

May ilang oras ding umistambay sa site sina Cesar at Spanky, hinihintay si Porman Domar. Bago mag-alas-singko, dumating ang porman. Magiliw itong sinalubong ni Cesar.

"Boss, magandang hapon!" bati ni Cesar. Dinukot ng porman ang cell phone sa harapang bulsa ng polo, may kung anong sinilip.

"Bente-kuwatro pa lang, Cesar. Ano'ng meron?" taka nito.

"A, boss, nakakahiya pero emergency lang. Kasama ko 'yong kapatid ko, may sakit. Nagbabaka-sakali lang makabale, boss."

Sinenyasan siya ng lapit ng porman. Masigasig siyang lumapit.

"Cesar, ghost employee ka na nga, bumabale ka pa. Wala akong pang-abono," mahina ngunit matigas nitong sabi.

"Kahit kalahati ng kalahati, boss, 'tapos hindi na 'ko kukuha sa katapusan, boss," pagmamakaawa nito.

"Kung di kita pasuwelduhin kahit tatlong kalahati ng kalahati na sinasabi mo, puwede. Mabait pa 'ko kasi pumayag ako sa kalokohan mo."

"Pasensiya na, boss. Emergency lang."

Dumukot sa likurang bulsa ang porman, nag-abot ng singkuwenta pesos kay Cesar. Nag-ipit ng buntonghininga si Cesar, wala nang imik. Bantulot niyang tinanggap ang singkuwenta pesos.

"Pamasahe n'yo. Wala talaga 'ko, pasensiya na rin. Sige na." Tumalikod na ang porman at nagtuloy ng lakad sa umpukan ng mga trabahador.



Likhaan 18.indb 89 11/22/2024 4:30:07 PM

Lumakad na rin papalabas ng site ang magkapatid, bagsak ang mga balikat. Si Spanky, kapansin-pansin ang panghahapo.

"Kaya mo pa?" anas ni Cesar.

"Oo, Kuya."

"Ginawa n'yo 'to sa sarili n'yo. Pati ako, damay. Kung di dahil sa bata, wala na 'kong pakialam sa inyong mag-asawa."

Tumulak ang dalawa papuntang Forbes, baka-sakali ni Cesar ay makabale sa isa pang amo. Pero dahil pasado alas-singko na, wala na silang inabutan sa site. Lumakad nang walang pupuntahan ang dalawa.

"Kuya, kay Tito Onyok kaya?" mungkahi ni Spanky.

"Lutong-luto na 'yang utak mo, ano? Noong isang araw lang ako sinisingil ni Tito Onyok sa utang n'yong mag-asawa, ngayon gusto mo utangan ulit?" singhal ni Cesar.

Sinuyod nina Cesar at Spanky ang BGC hanggang umabot sila sa PhilPlans pabagtas ng Northside Proper. Humimpil sila sa tawid-kalsada, sa hilera ng mga videoke-karinderya. Iniabot ni Cesar kay Spanky ang singkuwenta pesos na ibinigay ng porman.

"Bili kang Mighty," utos nito sa kapatid.

"Ilan, Kuya?"

"Lahat na 'yan."

Pagbalik ni Spanky, may dala-dala itong malaking mineral water.

"Sabi ko, ilahat mo sa Mighty."

"'De, Kuya, nakisahod ako sa kainan."

"Sa'n galing 'yang bote?"

"Doon sa kainan. Nag-oopisina naman 'yong nag-iwan, wala nang laman."

"Pa'no mo nalamang nag-oopisina?"

"Naka-ID."

Napakamot na lang ng ulo si Cesar. Nagsindi ito ng yosi at matamang pinagmasdan ang buhos ng mga taong papauwi at papasok pa lang, ang mabagal na usad ng mga sasakyan at sumasakmal na dilim sa paligid. Ilang saglit pa, umilaw na ang poste sa kinatatayuan nila.

"Pumunta ka sa perya, kina 'Insang Jani," biglang usal ni Cesar.

"Kuya, alam mo naman ugali n'on." May pagtutol sa tono ni Spanky.

"Kay Tito Onyok nga, may utang ka, balak mo pang mangutang ulit, e. 'Tapos ngayon, nangingilag ka kay Jani?" pandidilat ni Cesar sa kapatid.

"Sa'n ka, Kuya?"

"Susunod ako. Kung ayaw mong kausapin si Jani, hintayin mo 'ko do'n. Ako kakausap."



Likhaan 18.indb 90 11/22/2024 4:30:07 PM

"Sige, Kuya. Saan ka?"

"'Wag ka nang magtanong. Pumunta ka na."

Hinintay muna ni Cesar makaalis si Spanky. Nang makalayo ito, lumakad siya nang mabilis patahak ng Tarikan at binagtas ang mga hagdan pababa ng West Rembo, sumabit nang sumabit sa mga traysikel hanggang makarating ng Tibayan. Dumaan siya sa mga bodega ng soft drinks at alak na paupahan ni Aling Trining, nagtanong-tanong sa mga trabahante roon kung nakauwi na ang matanda. Walang may alam. Ang tanging nakuha niya, maliwanag pa raw ay umalis na't nakabihis, may kasamang bata.

Umistambay si Cesar ilang bloke ang distansiya sa mataas na bahay ni Aling Trining. May ilang oras siyang naghintay. Naubos na niya ang Mighty na binili kanina. Maya-maya pa, napansin niya ang paparating na kotse papunta sa direksiyon ng bahay ng matanda. Tinted ang bintana kaya hindi niya masipat ang nasa loob. Panakbo siyang tumungo sa gate. Listo niyang kinatok ang nagpa-park na sasakyan. Nagbaba ng bintana ang isang matandang lalaki.

"Magandang gabi po, bossing. Pasensiya na sa abala. Tanong ko lang kung nariyan po si Aling Trining?"

"Sino ho kayo?" tanong ng matandang lalaki.

"A, kapatid po ako ni—"

Nagbaba ng bintana ang nasa backseat. "Magbabayad na kayo?" si Aling Trining.

"Aling Trining, pasensiya na. Kung puwede sana, maiuwi ko si Tanya. Ako na po ang bubuno ng bayarin ni Spanky."

"Ang linaw-linaw ng usapan, e. 'Wag kayong ano."

Pababa na ang bintana sa backseat nang ikalang ni Cesar ang kamay niya rito.

"Aling Trining, nagmamakaawa ako. Ako ang magbabayad sa inyo, Aling Trining."

"Dalhin mo sa 'kin bukas ng 'maga," matigas nitong tugon. At tuluyan nitong isinara ang bintana; dagling inialis ni Cesar ang kanyang kamay.

<<<<>>>>

Tulad ng inaasahan, nakatanghod si Spanky pagdating ko sa perya. Kung ano'ng itinagal ko bago nakarating dito, siyang tagal niyang nakatunganga. Sa 'kin pa rin iaasa ang pakikiusap.



Likhaan 18.indb 91 11/22/2024 4:30:07 PM

“’Insang Jani?” tanong ko sa kanya. Inginuso niya ang direksiyon ng bingguhan. Naro’n si Jani, nagtatarya ng mga taya. Lumakad kami papunta sa kanya.

Papalapit na kami nang makita ko ang pagtama ng tingin niya sa amin. Si Jani, nasa pagitan ng pagbati at pag-iling, alibadbad ang hatid naming magkapatid.

“’Insan, balita?” bungad ko kay Jani na abala sa mga taya.

“Ano meron, ’insan?” tugon ni Jani.

“E itong pinsan mo, ’ayan, namumutla, dinudugo ang almoranas. E walang-wala. Di ako nakabale sa amo ko. Wala kaming ibang malapitan.”

Hindi sumasagot si Jani, abala na’y halata pang nagpapanggap na lalong abala. Suntok sa buwan itong paglapit namin, alam ko. Wala kaming matakbuhan. Sukdulang mga di-kasundong kamag-anak, heto at nilalapitan na rin.

“May pera ka d’yan? Magbinggo kayo, baka buwenas,” balik sa ’kin ni Jani. Iyon ang paraan niya para sabihing wala siyang ipapautang. Sumubok ako ng isa pa.

“Alam mo namang wala akong suwerte sa sugal, ’insan.”

“Wala ’kong pera, ’insan,” sa tonong desididong wala’t hindi magpapahiram.

“Siya, ’insan, pasensiya na sa abala. ’Kumusta mo kami kay Tiya Miding,” paalam ko rito. Sumagot lang ng tango.

Tumambay kami ni Spanky malapit sa karosel, tumunganga. Naalala ko si Tanya sa mga batang tuwang-tuwa. Itong ama, hindi ko alam kung ano’ng tumatakbo sa isip ngayon. Biglang buhos ang malalaki’t hiwa-hiwalay na patak ng ulan. Karipas sa masisilungan ang mga tao. Ang mga nagsusugal, hindi natitinag. Hanggang sa tuluyan nang bumagsak ang pinong ulan. Sumilong kami sa color game. Inabutan ako ni Spanky ng yosi. Nagsindi ako. Iba ang lakas ng usok ng yosi kapag maulan, kitang-kita mo sa hangin ang nagkahugis na sama ng loob at pagod.

Sa pagitan ng panay-panay kong hitit-buga, may kung anong pakiramdam na sumikad sa dibdib ko. Parang kaba na hindi, ’yong tipong may kasamang bigwas sa tagiliran. Dahil hindi ko naisip na may mga bagay na biglang kakatok sa isip ko sa mga ganitong pagkakataon. Ibang klase ang kagipitan.

“Pangki, umuwi ka. Kumuha ka ng bag, dalawa-tatlo.”

“Bakit, Kuya?”



Likhaan 18.indb 92 11/22/2024 4:30:07 PM

"Iyan bang pagtatanong mo, may narating na? Kunin mo 'yong pinakukuha ko, mabilis. 'Kita tayo sa Dianson. 'Wag kang magdala ng payong."

Wala nang sumunod na tanong, sumibat si Spanky.

Sinabayan ko ang abalang perya. Inikutan ko ang bingguhan. Sinikap kong ipuslit ang lubid na pansara ng kubol. Ito man lang mapakinabangan ko kay Jani.

<<<<>>>>

Galit na galit ang buhos ng ulan. Lumalambitin ang bayo ng malakas na hangin sa buhol-buhol na mga kawad ng koryente sa poste. Ang kaninang mabagal na daloy ng mga sasakyan ay sala-salabid na ngayon. Tarantang nagliligpit ang mga bendor sa gilid ng kalsada. Sarado na ang Dianson Park. Nakisilong sa fishbolan si Spanky. Nakita niyang sumesenyas si Cesar sa tawid-kalsada.

Umikot si Cesar sa terminal ng jeep sa likod ng Dianson. Sumunod si Spanky. Pumoste sila sa Gladiola na kasalukuyang patay na kalye gawa ng road widening.

"Kuya, ano'ng gagawin ba natin dito?" usisa ni Spanky.

"Pasok tayong Dianson. Diyan tayo sa poste ng waiting shed aakyat."

"Ha?" pagtataka ni Spanky.

"Umakyat ka na habang walang tao. Susunod ako."

Dagling umakyat sa magaspang na batong bakod si Spanky. Sumunod si Cesar. Pagpasok sa Dianson, pinangunahan ni Cesar ang maingat na pagbaybay papunta sa balon.

"Kuya, ngayon ka pa talaga hihiling?"

"Wala kang kakuwenta-kuwenta, Pangki. Napapala mo sa shabu."

Mabilis ang pagtaas ng tubig sa balon gawa ng walang-tigil na buhos ng ulan. Pero hindi na iyon alintana ni Cesar. Itinali niya nang mahigpit ang lubid sa bakal na baitang na nagsilbing tuntungan ng mga bata pag naghuhulog ng barya sa balon. Nakailang testing siya ng higpit. Kapit nang mahigpit ang suportang lubid, dahan-dahan siyang bumaba. Ibinato ni Spanky ang dalawang backpack sa kanya bago niya tuluyang lubugan ang tubig-balon. Nang maramdaman na ng paa niya ang mga barya, bumitiw na siya sa lubid at sumisid. Nagmamadali niyang kinamada ang mga barya sa backpack. Lubog-kamada-ahon. Paulit-ulit. Wala na siyang pakialam sa pinaghalong lasa ng lumot at amoy ihi



Likhaan 18.indb 93 11/22/2024 4:30:07 PM

ng daga at palaka. Nararamdaman na niya ang paninigas ng kanyang mga bisig dulot ng lamig at doble-tripleng bigat na dulot ng mabilis na pagtaas ng tubig. Sa ikailang ahon niya, lampas dibdib na ang tubig-balon. Namumuwalan sa barya ang backpack. Buong-puwersa niya iyong isiniper at itinali sa lubid para iangat ni Spanky. Sapo-sapo ni Cesar ang puwitan ng bag para madaling mahatak pataas. Lubog-kamada-ahon. Mas malaki ang pinunong pangalawang backpack kaya naman mas nahirapan silang iangat ito. Umaabot na sa leeg ang tubig. Naulinigan ni Spanky ang paparating na rumorondang ampra ng barangay.

"Kuya, Kuya, baba muna!"

Dagling ibinaba ni Spanky ang lubid, balik kay Cesar ang pangalawang bag. Hila-hila ang unang backpack, kumubli si Spanky sa matataas na halaman sa likod ng mga mesa't silyang bato. Bahagyang inilubog ni Cesar ang kanyang ulo sa tubig habang akap-akap ang backpack. Pinakiramdaman ni Spanky ang paligid. Huminto ang garalgal ng makina ng ampra; alam niyang pumarada ang mga bantay-bayan. Dumako si Cesar sa sulok ng balon na hindi tinatamaan ng ilaw ng matataas na gusali sa likuran ng Dianson para makabawi ng hinga. May ilang minuto silang steady at nakiramdam. Nang gumaralgal na uli ang makina ng ampra, sumeguro nang ilang minuto si Spanky at saka madaling bumalik sa balon.

<<<>>>

Buong magdamag kaming nagbilang ng barya. Piso. Limang piso. Sampu. Mangilan-ngilang benteng barya. Sumunod na silip ko sa labas, nagliliwanag na. Nag-iwan ng ambon ang malakas na ulan kagabi. Sanay na walang tulugan ang mag-asawang ito. Puwes, mapapakinabangan 'yang talento sa pagpupuyat na 'yan. Nakailang kape't sigarilyo kami bago matapos ang kuwenta sa huling barya. 14,634. May pasobra pang isang libo't anim na raan.

"Salamat, Kuya Cesar," maluha-luhang sabi ni Milicent.

"Sige, isilid n'yo uli sa maayos na lalagyan lahat 'yan, susunduin ko na si Tanya."

"Kuya, please, ako na po ang susundo," giit ni Milicent.

Hindi ako sumagot. Alam nilang wala na akong tiwala sa kanila. Ang hindi ko pagsagot ay ang mismong sagot ko na hindi ko ipagkakatiwala sa kanila.



Likhaan 18.indb 94 11/22/2024 4:30:07 PM

“Kuya, hindi ako sasama kung diskumpiyado ka,” singit ni Spanky.

“Ako po mag-isa ang susundo kay Tanya, Kuya,” segunda ni Milicent. Heto na naman ako. Mabilis lumambot sa mga taong hindi ko maunawaan bakit palaging binibigyan ng Diyos ng lusot sa lahat ng ginagawang gusot.

“Kaya mong buhatin lahat ’yan, Cent?” hirit ko.

“Opo, Kuya.”

“Dyusko. Opo. Pangki, sunduin n’yo na ’yong bata.” Nagliwanag ang mukha ni Milicent. Tatango-tango si Spanky. “Spanky, putang ina, ha? Subukan mong gumawa ng kagaguhan na naman, putang ina, magkalimutan nang magkapatid tayo, sinasabi ko sa ’yo.”

“Oo, Kuya. Salamat, Kuya.”

“Dalhin n’yo ’yong laruang binili ko kay Tanya, ipasalubong n’yo sa bata. Sana maintindihan ng batang ’yan bakit sa isang iglap, hindi ang mga magulang niya ang kasama niyang matulog at kumain.” Nagtubig ang mga mata ko bigla. Naluluha siguro ako sa pagod at galit.

Lumabas na ako ng bahay. Anong oras na. Mahaba na ang pila sa almusalan ni Belen.

<<<<>>>>

Madaling naggayak sina Spanky at Milicent. Nagbalot sila ng halagang 700 na tigsasampu. Sininop nila ang bag ng barya sa bahay. Dagli nilang tinungo ang bahay ng mag-asawang Bong at Cathy. Pagdating nila, tulog pa si Tanya.

“Bong, pasensiya na, ha. Natagalan kaming maglakad ng medical assistance nitong si Spanky, pinaikot-ikot kami. Dumeretso kami ng ospital, wala ring nangyari,” paliwanag ni Milicent.

“Walang problema, di naman alagain ’yang si Tanya. Saka okey ’yan, may kalaro si Rochelle namin.”

“Salamat, Bong, pare,” anas ni Spanky.

“Ano, Pangki, pare, okey ka pa?”

“Kinakaya naman.”

“Naro’n si Cathy sa loob, ha. Kasama ’yong dalawang bata. Bagsak pareho. Panay laro kahapon, e. Pasok kayo, pasok kayo.”

Iniabot ni Milicent ang nakaplastik na baryang 700 kay Bong.

“O, ano ’to? Di na,” tanggi ni Bong.

“Pare, tanggapin mo na. Nakaabala kami, pasensiya na. Salamat sa pagtingin kay Tanya.”



Likhaan 18.indb 95 11/22/2024 4:30:07 PM

"O, sige. Di ko na tatanggihan. Ibibili ko ng gatas ni Rochelle 'to. Salamat, salamat!"

Nag-vibrate ang cell phone ni Spanky. Pinauna n'ya na sa loob si Milicent. Sinilip n'ya ang cell phone.

1 missed call | 0956 789 3321

1 text message | 0956 789 3321

Open Message

0956 789 3321

*Uwi na namin sa Pampanga ang bata ... god bless ...*

<<<>>>>

Mahaba ang pila. Hindi ako sanay na nahuhuli sa pila ng almusalan ni Belen. Ang ipinag-aalala ko, baka di ko maabutan 'yong sopas. Sa hirap ng pinagdaanan ko, lalong kailangan ko ng sopas, ng paso sa ngalangala. Nagsindi ako ng yosi habang nagpapatay ng inip at atat sa pila.

"Tinanghali ka ngayon, a."

Galing ang boses sa likod ko. Paglingon ko, si Ato.

"Kaya nga, e. Baka di ko abutan 'yong sopas."

"Pinagtabi ka na, 'wag ka mag-alala. Do'n ka na sa mesa."

Biglang nag-iba ang timpla ko. Napangiti ako at tumingin sa paligid. Pakiramdam ko, nakaisa ako.

"Nakakahiya, 'To. Pero hindi ko tatanggihan."

*"DEEEEEENG! DEEEEEENG! AHAYYYYY, ANAAAK!"*

Sabay pa kaming napalingon ni Ato. Galing ang sigaw sa katabing bahay nila. Sigaw, iyak. Di ako sigurado.

"Away mag-asawa?" pangungumpirma ko kay Ato.

"Hinde, Sar. Nawawala 'yong anak. Di umuwi. E, may bali-balita tungkol sa puting van na nandudukot ng bata, di ba?"

"Saan daw nawala?" usisa ko pa.

"Paanong di mawawala, kay bata-bata no'ng anak nila, pinaglilimos kung sa'n-sa'n. 'Tapos silang mag-asawa, makikita mo madalas laman ng lungga ni Mang Willy."



Likhaan 18.indb 96 11/22/2024 4:30:07 PM

"E, baka naglayas naman?"

"Apat na taon lang 'yong bata; kung maglalayas, parang malabo. Pero kung sa bagay, kung bugbugin niyang mag-asawa 'yong bata, akala mo ang laki-laki ng katawan ng anak nila."

Nailing na lang ako. Naisip kong bigla si Tanya. Dinukot ko ang cell phone ko sa bulsa, sinilip ko kung may update si Spanky. Wala. Gago talaga. Nag-dial ako.

Calling Utol Pangki ...

Active Call | 00:00:09

"Hello, Pangki. Si Tanya?"
*"Andito, Kuya. Kasama na namin."*
"Lagay mo sa telepono."
*"Tito! Tito Sisar!"*
"Hello, Tanya! Nabigay sa 'yo ang toy mo?"
"*Opo! Tenkyu Tito-to!*"
"Yu welkam!"
"*Shhszhsh—*"
"*Binalik na sa 'kin, Kuya. Naglalaro, e. Kalaro 'yong anak ni Bong.*"
"O, sige. Ingat kayo."
"*Salamat, Kuya. Ingat.*"

End Call

Pumuwesto na ako sa mesa. Nakahain na ang sopas ko. Walang teka-teka kong hinigop ang sabaw. Ninamnam ko ang paso sa ngalangala. Paspas ng kain. Magta-time in pa 'ko. Sa katapusan, dadamihan ko ang hulog sa balon. Marami kaming hiling na hiniram. Babayaran ko paunti-unti.



Likhaan 18.indb 97 11/22/2024 4:30:07 PM